通訊事務管理局
COMMUNICATIONS AUTHORITY

Paglipat ng Anim na Digital TV Program Channels sa Bagong Transmitting Frequencies

Mga Paalala sa mga Residente

Paano "mag-scan muli ng digital TV program channels"?

Mangyaring sumangguni sa mga manwal ng TV / manwal ng tumatanggap na DTT para sa gumagamit para sa mga pamamaraan upang ma-scan muli ang digital TV program channel o makipag-ugnayan nang direkta sa supplier ng equipment. Maaari rin kayong pumunta sa set-up ng website ng thematic webpage ng Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon (Office of the Communications Authority - OFCA) para sa hakbang-kada-hakabang na mga instruksyon o mga video clip ukol sa kung paano muling mag-scan ng digital TV program channels ng mga pangunahing tatak ng TV/ tumatanggap na DTT.

Ang kasama lamang sa paglipat sa bagong transmitting frequencies ay ang mga nasa itaas na anim na digital TV program channels, at hindi makaka-apekto sa iba pang digital TV program channels: J2 82, TVB News 83, Pearl 84 at TVB Finance & Information 85, pati na sa Hong Kong International Business Channel 76 at Hong Kong Open TV 77 (kung mayroon na sa ngayon).

Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa OFCA

Hotline para sa mga tanong

2961 6333

Thematic webpage

www.ofca.gov.hk/channel_migration



Mula **Disyembre 1, 2021, 00:00** at pasulong pa, ang sumusunod na anim na digital TV program channels ay ililipat sa bagong transmitting frequencies. Ang anim na digital TV program channels ay magkakasabay na isasahimpapawid sa parehong kasalukuyang naririto na at bagong transmitting frequencies **mula Abril 1 hanggang Nobyembre 30 ng taong ito** (**Digital Simulcast**).

Digital TV Program Channels	Mga Numero ng Channel (Mananatiling Hindi Nabago)	Bagong Transmitting Frequencies
RTHK TV 31	31	UHF Channel 27 (518 – 526 MHz)
RTHK TV 32	32	
RTHK TV 33	33	
Jade	81	UHF Channel 37 (598 – 606 MHz)
ViuTVsix	96	
ViuTV	99	

Paano patuloy na matatanggap itong anim na digital TV program channels?

Mga Ari-arian na Pampublikong Pabahay

- Ang Awtoridad sa Pabahay (Housing Authority) o ang Kalipunan ng Pabahay (Housing Society) ang mag-aasikaso ng muling pagko-configure ng mga sistema ng common antenna broadcast distribution o CABD.
- Kailangang pag-ukulan ng pansin ng mga residente ang mga notipikasyon mula sa pangasiwaan ng mga gusali kaugnay ng kung kailangan ba nila ang, o kailan ba sila dapat, magpa-scan muli ng digital TV program channels ng kanilang mga TV o ng kanilang mga tumatanggap na digital terrestrial television o DTT.



Sistemang CABD

Hindi kailangang palitan ang kasalukuyang ginagamit na digital TV sets o set-top boxes

Mga Sistema ng Pagmamay-ari ng mga Pribadong Ari-ariang Pang-tirahan / mga Gusali / mga Pabahay na Resulta ng mga Kaso sa Hukuman na mula sa Pagmamay-ari ng mga Tahanang Nakapailalim sa Subsidiya

- Ang mga residente sa pangkalahatan ay tumatanggap ng mga signal ng TV gamit ang mga sistemang CABD ng kanilang mga gusali. Ang mga partidong responsable sa naturang mga sistemang CABD ay kailangang kumuha ng mga kontraktor upang mag-configure muli ng mga sistema sa loob ng panahon ng Digital Simulcast.
- Kailangang pag-ukulan ng pansin ng mga residente ang mga notipikasyon mula sa pangasiwaan ng gusali kaugnay ng kung kailangan ba nila ang, o kailan ba sila dapat, magpa-scan muli ng digital TV program channels ng kanilang mga TV o ng kanilang mga tumatanggap na digital terrestrial television o DTT.

Mga Bahay sa Village / mga Bungalow / mga Lumang Gusaling Tenemente o mga Gusaling Three nil na walang mga Sistemang CABD

- Ang mga residente sa pangkalahatan ay tumatanggap ng kanilang mga signal ng TV gamit ang **mga antena na sa kanila mismo nanggaling o sila mismo ang naglagay** (**karaniwang tinatawag na "fishbone antennae"**).
- Kung ang mga residente ay hindi makakatanggap ng alinman sa mga nasa itaas na digital TV program channels **pagkatapos ng Disyembre 1, 2021, 00:00**, mangyaring mag-scan muli ng mga naturang digital TV program channels sa kani-kanilang mga TV o mga tumatanggap na DTT.



Sariling Antena

Hindi kailangang palitan ang kasalukuyang ginagamit na antena, mga digital TV set o set-top boxes

Mga bagay-bagay na dapat tandaan ng mga residente ng "mga gusaling three-nil"

Ang "mga gusaling three-nil" ay tumutukoy sa mga gusali na walang mga pinagsama-samang may-ari, mga organisasyon ng mga residente, at mga tanggapan ng pangasiwaan ng gusali. Para doon sa mga naturang gusaling three-nil o mga lumang gusaling tenemente na kinabitan ng mga **sistemang CABD**, kailangang kumuha ang mga residente ng mga kontraktor upang mag-configure muli ng mga sistema sa loob ng panahon ng Digital Simulcast at makipag-ugnayan sa mga kontraktor kung kailangan ba nila ang, o kailan ba sila dapat, mag-scan muli ng digital TV program channels ng kanilang mga TV o mga tumatanggap na DTT.